



**Sofibats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

**MARAMI NGANG ALAM PERO WALA NAMANG HALAGA**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,  
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,  
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,  
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,  
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.  
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Sabi ng Allah Azza wa Jalla matutuo ng kaalaman. Ang mga estudyante ng Ilm ay nasa matataas na kaantasan at tanggap ng lahat. Ngunit ngayon dalawa na ang uri ng Alim: Ang isang mahal ng Allah at isang ayaw ng Allah.

Ang Ilm o kaalaman ay dapat sinasamahan ng aksyon. May kalinisan din ng intensyon dapat dahil kung hindi ito'y ating nakikita ngayon sa mundo na nililinlang nng mga silang nagpapanggap na Alim ang mga tao. Maaari nilang naisaulo ang Qur'an pero di naman nila maintindihan.

Sabi ng Allah Azza wa Jalla: "Kamathalil himari yahmilu asfara." Ang Ilm ay maaaring marami pero wala namang halaga o silbi. Katulad ng isang Himar na di makakaligtas sayo, puno ang himar ng libro pero wala namang silbi. Sila'y ganito. Silang mga naisaulo ang Qur'an at libong hadith pero walang naintindihan dito.

Sila ang mga taong walang respeto sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam dahil wala silang naintindihan. Ang daan ay pinaganda at binuo ng Qur'an, Allah jalla jalaluhu at Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Kapag sila'y walang naintindihan yun ay pagigat lang sa kanila.

May mga ganito din sa bansa natin. Sila'y parang Cancer, ang kanilang mahahawakan ay masisira, lilinlangin nila ang mmga tao. Marami ang patibuong ng Shaytan. Kanilang nakita na kahit anong pag-atake nila sa Islam ay patuloy ang paglaki ng Islam kaya nag isip sila ng daan upang makaalis sa Islam ang mga tao. Sila'y nagsimula sa kayabangan at pagmamataas, tumayo sila at sinabing "Sino ang shaykh na ito? Sino ang lalaking ito!?" Tapos kanilang sasabihin na ang Banal na

Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay ginawa na ang kaniyang trabaho at wala na."

1. Hasha



**Sohbats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

Sa ganitong pagkakataon, nakakasakit na ang Ilm para sa ganitong tao. Kaya ang tamang daan ay iyong mga pinakita ng mga Mashaykh. Kahit na wala silang pormal na pag-aaral, ang pagsunod sa isang shaykh ay kinakailangan. Dahil kung hindi ang Ilm na iyon ay mawawalan ng silbi at halaga. Hindi ka madadala nito sa kahit na saan, walang halaga ang Ilm mo.

Ang totoong kaalaman o Ilm ay iyong may koneksyon sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ito'y mararating sa pagsunod sa mga Mashaykh at Tariqa. Nakikita natin ang mga bagay na ito araw-araw. Nakikita ito ng lahat, kahit hindi dito. Itong walang koneksyon na kaalaman, walang kabuluhan na ilm ay sinisira ang buong mundo ng Islam. Nawa'y bigyan tayo ng Allah na tunay na ilm o kaalaman na may Adab in sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil  
13 November 2016/13 Safar 1438  
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

2. Shaykhs      3. Manners